Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran ng Illinois
Abiso sa Panahon ng Pampublikong Komento
2024 Borador ng Nirebisang Plano sa Akses sa Wika

Ang Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran ng Illinois (Illinois EPA o Agency) ay tumatanggap ng mga pampublikong komento sa 2024 Borador ng Nirebisang Plano sa Akses sa Wika (Draft Plan) nito. Ang pampublikong abiso na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon sa Draft Plan at mga tagubilin kung paano magsumite ng mga komento at humiling ng karagdagang impormasyon.

Makikita ang Draft Plan sa https://epa.illinois.gov/public-notices/general-notices.html
o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Illinois EPA sa isa sa mga paraan sa ibaba.

Paano Magsumite ng mga Komento

Tukuyin ang "***Pampublikong Komento 2024 Borador ng Nirebisang Plano sa Akses sa Wika***" sa iyong kahilingan. Ang punto ng pakikipag-ugnayan ng Ahensiya ay **si Paulina Lopez-Santos**, Tanggapan ng Katarungang Pangkapaligiran.

Address ng Koreo:
115 S La Salle St. Suite 2203
Chicago, IL 60603

Address ng Email:
EPA.OEJ@illinois.gov

Telepono: (312) 832-2182 – kung walang sumasagit, mag-iwan ng voicemail.
Numero ng TDD (Aparato sa Telekomunikasyon para sa mga Bingi): (866) 273-5488

Ang mga pampublikong komento ay dapat matanggap nang hindi lalampas sa **11:59 PM sa Nobyembre 6, 2024**. Mas pinapaburan ang mga nakasulat na komento at dapat ipadala nang nakasulat sa address ng koreo o email na nakasaad sa itaas. Kung hindi makapagbigay ng nakasulat na mga komento, maaari ding magkomento sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono sa itaas. Magagamit ang mga serbisyong pangwika nang libre sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Katarungang Pangkapaligiran.

Maikling Background

Noong Pebrero 14, 2024, boluntaryong pumasok ang Illinois EPA sa isang Impormal na Kasunduang Resolusyon (IRA) kasama ang Ahensiya ng Pangangalaga ng Kapaligiran ng US (US EPA) para lutasin ang reklamo sa karapatang sibil tungkol sa pag-isyu ng Illinois EPA ng air construction permit para sa isang metal shredder na nasa Southeast Side ng Chicago. Alinsunod sa IRA, nangako ang Illinois EPA na rebisahin ang ilan sa mga plano at patakaran nito, kabilang ang kasalukuyang Plano sa Akses sa Wika nito.

Binibigyan ng 2024 Draft Plan ang mga empleyado ng Ahensiya ng mga mapagkukunan at isang protokol para sa pakikipag-ugnayan sa mga natukoy na Limitadong Kasanayan sa Ingles (LEP) na mga indibidwal. kabilang ang pagkakaroon ng libreng mga serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin para sa humihiling. Sinasalamin din ng plano ang patakaran ng Ahensiya na kapag kailangan ng mga indibidwal ng tulong sa wika para makalahok sa mga programa o kaganapan ng Illinois EPA, tutukuyin at sasamantalahin ang mga oportunidad para sa naturang tulong kapag nakatutugon ang sitwasyon sa mga alituntunin ng Planong ito. Pinatitibay ng 2024 Draft Plan ang pangako ng Illinois EPA na tiyaking natutugunan ng Ahensiya ang mga obligasyon nito nang walang diskriminasyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa karapatang sibil.

Para sa karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa pag-akses sa wika, bisitahin ang Webpage sa Akses sa Wika ng Illinois EPA.